REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 93-58

KAPASIYAHAN NA HUMIHILING SA LAHAT NG MAMAMAYAN NG MUNTINLUPA NA NAKATAPOS AT NAKAPASA SA PAGSUSULIT SA MEDISINA NA SUMAPI SA MUNTINLUPA MEDICAL SOCIETY AT SUMAILALIM SA PAMBAYANG PAGLILINGKOD.

*****************************************************************

Ipinanukala ni: Kon. Arturo S. Bunyi, M.D.

*****************************************************************

SAPAGKAT, ang pagsasanay ng propesyong medisina ay isang sensitibo at makabuluhang adhikain na nararapat lamang na bigyan ng masusing pansin upang maiwasan ang mga kulang sa kasanayan at huwad na manggagamot sa ating bayan;

SAPAGKAT, ang pagsapi sa Muntinlupa Medical Society ay kapapalooban ng pakikilahok o bahagi sa mga proyektong pangkalusugan at outreach programs na lubhang pakikinabangan ng mga nagdarahop nating mga kababayan;

SAPAGKAT, bukod sa pagkakabuklod-buklod ng isipan at damdamin, ang mga lalahok sa nabanggit na samahan ay magkakaroon ng bahagi sa patuloy na pag-aaral ng mga makabagong pamamaraan ng panggagamot na isinasagawa ng organisasyon;

SAPAGKAT, ang pagsapi sa isang samahan ay nasa malayang pagpapasiya ng manggagamot at hindi sasakop sa mga doktor na mayroon nang pakikilahok sa ibang organisasyon;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan at muli pang pinagpasiyahan na hilingin sa lahat ng mamamayan ng Muntinlupa na nakatapos at nakapasa sa pagsusulit sa medisina na sumapi sa Muntinlupa Medical Society at sumailalim sa pambayang paglilingkod.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang ika-35th regular na pulong na ginanap ngayong ika-12 ng Abril, 1993.

PINATOTOHANAN:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS JR.
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo, Samahan ng mga Punong-Barangay

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo, Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan